

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F

Community Activity Support Section



Website♪



Instagram♪



CONSULTATION SERVICES PARA SA MGA FOREIGN RESIDENTS

1	SAAN	Koshigaya City Hall, Main Building 3F Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)	
	ISKEDYUL	9:00am – 4:30pm, Lunes – Biyernes *Maliban kung nagkataong holiday.	
	WIKA	English, Chinese, Filipino, Vietnamese, Simple Japanese	
	TELEPONO	☎048-963-9114	

*Pwedeng kumonsulta kaugnay sa mga gagawing pag-proseso sa city hall, pag-aaral ng Japanese, paninirahan sa Koshigaya o Japan, at iba pa.

2	SAAN	Community Activity Support Center, Koshigaya Twin City B-City 5F	
	ISKEDYUL	General Consultation: 10:00am – 4:30pm, Araw-araw *Maliban sa Disyembre 29 – Enero 3	Special Consultation (Abogado, atbp): ✓ 3 rd Wednesday, Visa related consultation ✓ 4 th Wednesday, Legal Consultation
	WIKA	English, Chinese, Simple Japanese	

*Basahin ang QR code kung gustong makipag-ugnayan sa consultation counter at kung magpa reserba lalo na sa special consultation, atbp.



LIBRENG EVENTS PARA SA MGA BATA AT ESTUDYANTE NGAYONG SUMMER

KAILAN	ORAS	ANO (ARTS AND CRAFTS)	TARGET
Hulyo 30 Miyerkules	10:00am – 12:00nn	Paggawa ng dekorasyon (sea animals)	Kinder 1 – Junior HS
	1:00pm – 3:00pm	Parent-child DIY, name art	Kinder 1 – Grade 6
Hulyo 31, Huwebes	10:00am – 11:00pm	Paggawa ng wall photo frame	Kinder 3 – Grade 6
Agosto 1, Biyernes	10:00am – 11:30am	Personalized na pamaypay	Kinder 1 – Grade 3
	1:30pm – 3:30pm	Simple art, magic at comedy	Kinder 1 – Junior HS
Agosto 2, Sabado	10:00am – 11:30am	Arts and crafts na gamit ang asin	Kinder 3 – Grade 6
Agosto 3, Linggo	10:00am – 12:00nn	Experiment ng buhangin at kuryente	Grades 1 – 6
	2:00pm – 3:30pm	Paggawa ng dream board	Grades 1 – 6
Agosto 5, Lunes	9:30am – 11:30am	Misangga / friendship bracelet	Kinder 1 – Junior HS
	10:00am – 12:00nn	Paggawa ng paper plates bilang paghanda sa disaster	Kinder 1 – Grade 6

APLIKASYON: Magpunta sa opisina, tumawag o magpa reserba online (electronic application).

IMPORMASYON: Gender and Equality Support Center, Hot Koshigaya
(DANJO KYODO SANKAKU SHIEN SENTA), ☎048-970-7411
Osawa 3-6-1 Parte Kitakoshi 3F



Aplikason 📱

PAGSUMITE NG CURRENT STATUS NOTIFICATION, ATBP.

Upang patuloy na makatanggap ng child allowance simula buwan ng Nobyembre, (kasama ang temporaryong nasuspende sa pagtanggap ng allowance) kailangan isumite ang mga sumusunod:

- **Present status report**, kung **single parent** na tumatanggap ng child allowance
- **Income status report**, kung **may anak na may disability** na tumatanggap ng child allowance

PARAAN NG PAGSUMITE	KAILAN
✓ By postal mail	Agosto 1 – Agosto 29 (must arrived by 8/29)
✓ Child Welfare Section (city hall)	Agosto 1 – Agosto 29 (Maliban kung holiday) 8:30am – 11:45am / 1:00pm – 5:00pm
✓ Online (e-filing system) *para sa JIDO FUYO TEATE lamang 	Agosto 1 – Agosto 31

*Kung maari, isumite online o di kaya by postal mail lalo na ang JIDO FUYO TEATE.

*Tandaan na masuspende ang pagtanggap ng allowance kung hindi maisumite ang nabanggit na notipikasyon.

IMPORMASYON: Child Welfare Section (KODOMO FUKUSHI KA) / City Hall Building 2 – 2F

◆Child Rearing Allowance (JIDO FUYO TEATE), ☎048-963-9166

◆Special Child Rearing Allowance (TOKUBETSU JIDO FUYO TEATE), ☎048-963-9172

LIBRENG CHECKUP NG KANSER SA SERBIKS AT KANSER SA SUSO

Ang coupon na magagamit para maging libre ang checkup ng kanser sa serbiks at kanser sa suso ay ipinapadala sa mga target sa katapusan ng Hunyo.

	CERVICAL CANCER SCREENING	BREAST CANCER SCREENING
	Mga babae, at naka-rehistrong residente ng Koshigaya (as of April 20, 2025)	
TARGET	20-year-olds sa piskal na taon 2024 *Ipinanganak mula Abril 2, 2004 hanggang Abril 1, 2005	40-year-olds sa piskal na taon 2024 *Ipinanganak mula Abril 2, 1984 hanggang Abril 1, 1985

*Kung nakapag pa-checkup na ng mga nabanggit bago dumating ang coupon, ihanda ang resibo at makipag-ugnayan sa opisina ng Health Promotion Section.

IMPORMASYON: Health Promotion Section (KENKO ZUKURI SUISHIN KA), ☎048-960-1100

MAGPA CHECKUP O SUMALI SA BREAST CANCER SCREENING

TARGET: Mga babae na nasa edad 35 at pataas at pasok kahit saan sa mga sumusunod

- 1) Ang kaarawan ay sa buwan ng Enero, Marso, Mayo, Hulyo, Setyembre at Nobyembre
- 2) Hindi pasok sa nabanggit sa number 1), ngunit hindi pa nakapag pa-checkup ng kanser sa suso sa piskal na taon 2024 (mula Abril 2024 hanggang Marso 2025).

	GROUP CHECKUP (MASS SCREENING)	CHECKUP SA MEDICAL FACILITY (PRIVATE)
KAILAN	Hanggang Setyembre 27	Hanggang Agosto 31 *Hanggang Nobyembre 10 sa iilang klinika
ANO	Mammogram	Clinical breast exam, mammogram
APLIKASYON	Online (electronic application) 	Direktang makipag ugnayan sa ospital o klinika kung saan gustong magpa checkup

MAGKANO: ¥1,500

IMPORMASYON: Health Promotion Section (KENKO ZUKURI SUISHIN KA), ☎048-960-1100

MAGING HANDA PARA SA FLOOD DISASTER SA KOSHIGAYA

Ang Koshigaya ay patag na lugar at madalas na napupundo o hindi dumadaloy agad ang tubig tuwing may malakas na ulan. Kailangan handa lagi lalo na sa buwan ng Hunyo hanggang Oktobre, na panahon ng tag-ulan at bagyo.

MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN!

- 1) Alamin ang mga dapat gawin at ang tamang oras ng paglikas.
- 2) Isiping mabuti at gumawa ng plano kung ano ang gagawin sa ligtas na paglikas.
- 3) Maghanda ng pagkain, portable toilet at iba pa sa pagtugon ng anumang emergency.

Para karagdagang impormasyon o detalye, tingnan sa Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook:

Japanese Version 



English, Chinese, Vietnamese and
Japanese (simplified) Version 



IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)
City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji-san

Ang magbabahagi ngayong buwan ng Hulyo ay si Kanemoto-san. Siya ay nagtatrabaho sa Koshigaya City Hall bilang Coordinator for International Relations (CIR) at in-charge ng English language translation and interpretation. Ang pag-uusapan ngayong buwan na ito ay tungkol sa kanyang opinyon kaugnay sa isang multikulturang komunidad at pamayanan.

Kumusta ka? Ako ay si Kanemoto. Gusto kong ibahagi sa column na ito ang aking sariling opinion kaugnay sa pagbuo ng isang multikulturang pamayanan. Kapag sinabi nating 'multikultura' kadalasan ay nauugnay ito sa nasyonalidad at etniko ng isang tao. Gusto kong bigyan pansin hindi lamang ang bansa na pinanggalingan kundi pati kasarian, *environment* kung saan lumaki at iba pang kultura na umiiral sa isang komunidad. Sa aking pakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao na may iba't ibang *backgrounds*, naisip ko kung gaano ka-importante na maging *flexible* at maging maintindihin sa bawat *experience* o karanasan ng isang tao. Kailangan kong maging flexible sa araw-araw hindi lamang upang alamin kung sino ang tama o mali kundi kung bakit at ano ang rason na ganun ang nangyari, reaksiyon at iba pa ng isang tao.

Siguro napakadali na maging *stereotype* sa ating pakikitungo sa ibang tao. Maging intensyon man ito o hindi, minsan nirarason natin na '...Pilipino kasi.. Hapon kasi.. Amerikano kasi..' at iba pa. Makikita natin na binibigyan natin ng nakatakdang rason at tinatangi natin ang ating pakikitungo sa iba base sa kanilang pinaggalingan. Hindi ko masasabi na ang mga ito ay tama o mali. Ang ating *environment* ang nagtulak sa atin na ganun ang maging reaksiyon natin sa ibang kultura at iba pa. Ngunit, minsan ay nagdulot ito ng hindi maganda at may mga nasasaktan sa ating pagiging *stereotype*. Depende sa ating pinanggalingan at sa ating kinagisnan na kultura, kustombre at iba pa, maging iba-iba ang ating reaksiyon at pakikitungo sa ibang tao. Patuloy nating irespeto ang iba at palawakin natin ang ating kaisipan at pakikitungo sa iba, magkaiba man ang pag-iisip, kultura, paniniwala at iba pa.

Sisikapin kong maging bukas at maging maunawain sa lahat ng aking mararanasan at masasalamuha araw-araw, maging iba man ang kultura, kaugalian at iba pa.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Hulyo

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
		1	2	3	4	5
			☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon		☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
6	7	8	9	10	11	12
			☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon		☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
13	14	15	16	17	18	19
			☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon		☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
20	21	22	23	24	25	26
			☆Kosumo Nihongo Salon		☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
27	28	29	30	31	8/1	8/2
					☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku

	KAILAN	SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION
NIHONGO CIRCLE 【¥100 PER LESSON】 *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Miyerkules 10:00am – 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN)
KOSUMO NIHONGO SALON 【LIBRE】	Miyerkules (Gabi) 7:00pm – 8:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)
NIHONGO DE GO! 【¥100 PER LESSON】	Biyernes 1:30pm – 3:30pm	(1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (6-min. walk) (2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette (ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)
LINGUAL KOSHIGAYA 【LIBRE】	Sabado 10:00am – 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)
TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【LIBRE】	Sabado (1st & 3rd) 1:30pm – 3:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)
KOSUMO KODOMO KYOSHITSU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【LIBRE】	Sabado 1:30pm – 3:30pm	SAAN: Resona Youth Base, Saitama Resona Sengendai Branch 3F (ADRES: Koshigaya-shi Sengendai 1-5-17) STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)

